*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# LITURGY OF THE HOURS

## PANALANGIN SA TAKIPSILIM

Ika-1 ng Mayo, 2024

Ika-5 Miyerkules sa Panahon ng Pagkabuhay ng Panginoon

Liturgy of the Hours
EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Kung tayo ay mamatay kasama ng PANGINOON,
Mabubuhay din tayong kasama ang PANGINOON.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Kung tayo ma'y nagtiis kasama ng PANGINOON,
Tayo ri'y maghahari kasama ng PANGINOON.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Lahat ay nasa kanya, kahit ating kalungkutan;
Nasa kanya ang lahat maging ating kagalakan.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay
At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

Lahat ay nasa kanya, kahit ating kaligtasan;
Nasa kanya ang lahat maging ating pagmamahal.

Ating alalahanin na si Hesus ay namatay

At s'ya'y muling nabuhay para sa 'ting kasalanan.
Siya ang ating Diyos, PANGINOONG nagliligtas,
Sa lahat ng panahon, s'ya ang kaligayahan.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Sa pamamagitan ng kanyang kanang kamay, ibinangon siya ng Diyos bilang hari at tagapagligtas, aleluya.

*Salmo 27*

*(Katabi natin ang Diyos sa mga panganib)*

*I*

Tanglaw ko'y ang PANGINOON, aking kaligtasan,
Kaya walang takot ako kaninuman;
Sa mga panganib kanyang iingatan,
Kaya naman ako'y walang agam-agam.

Kung ang aking buhay ay pagtatangkaan,
Niyong masasama, sila'y mabubuwal;
Kahit salakayin ako ng kaaway,
Magtitiwala rin ako sa Maykapal.

Isang bagay lamang ang aking mithiin,
Isang bagay itong sa PANGINOON hiniling:
Ang ako'y lumagi sa banal na templo
Upang kagandahan niya'y mamasdan ko
At yaong patnubay niya ay matamo.

Iingatan ako kapag may bagabag,
Sa banal na templo'y iingatang ligtas;
Itataas niya sa batong matatag.
Ako'y magwawagi sa aking kaaway.

Sa templo'y may galak ako na sisigaw
Magpupuri akong may handog na taglay;
Sa PANGINOON sasamba't aking aawitan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Sa pamamagitan ng kanyang kanang kamay, ibinangon siya ng Diyos bilang hari at tagapagligtas, aleluya.

*Antipona 2*

Nananalig akong aking makikita ang kabutihan ng Panginoon sa daigdig ng mga buhay, aleluya.

*II*

O Diyos, ako'y dinggin sa aking pagtawag,
Lingapin mo ako, sa aki'y mahabag.
Ang paanyaya mo'y, "Lumapit sa akin."

Huwag kang magkukubli't kita'y hahanapin!
H'wag kang magagalit, huwag mong itatakwil
Akong katulong mo at iyong alipin;

Tagapagligtas ko, h'wag akong lisanin!
Maiwan man ako ng aking magulang,
May PANGINOON pa akong aasahan.

Sa dapat kong gawin, ako ay turuan,
Sa ligtas na landas ay doon samahan,
Pagkat naglipana ang aking kaaway.
Huwag akong bayaan sa mga kalaban,
Na kung lumulusob ang dalang sandata'y
Mga pagbabanta't kasinungalingan.

Ako'y nananalig na bago mamatay
Masasaksihan ko ang 'yong kabutihan
Na igagawad mo sa mga hinirang.
Sa PANGINOONG Diyos tayo'y magtiwala!
Ating patatagin ang paniniwala;
Tayo ay umasa sa kanyang kalinga!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Nananalig akong aking makikita ang kabutihan ng Panginoon sa daigdig ng mga buhay, aleluya.

*Antipona 3*

Mula sa kanya, sa pamamagitan niya, at sa kanya, ang lahat ay umiiral; papuri sa kanya magpakailanman, aleluya.

*Awit: Colosas 1:12-20*

*(Si Kristo ang panganay na Anak ng sangnilikha at ng mga patay)*

Magpasalamat kayo sa Ama,
Sapagkat minarapat niyang ibilang kayo sa mga hinirang
Na magmamana ng kaharian ng kaliwanagan.

Iniligtas niya tayo
Sa kapangyarihan ng kadiliman
At inilipat sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak.
Sa pamamagitan ng Anak, tayo'y pinalaya
At pinatawad sa ating mga kasalanan.

Si Kristo ang larawan ng Diyos na di-nakikita,
At siyang may kapangyarihan sa lahat ng nilikha.
Sapagkat ang lahat ng nasa langit at nasa lupa,
Nakikita man o hindi;

Pati ang mga naghahari at namamahala,
Mga namumuno at may kapangyarihang espirituwal
Ay pawang nilikha ng Diyos
Sa pamamagitan niya at para sa kanya.
Siya'y una sa lahat, at sa kanya nasasalalay
Ang kaayusan ng lahat ng bagay.

Siya ang ulo ng simbahan na kanyang katawan.
Siya ang Una, ang panganay na Anak —
Ang unang nabuhay na muli
Upang siya ang maging pinakadakila sa lahat ng bagay.

Ipinasiya ng Diyos na ang kanyang kalikasan
Ay manatili rin sa Anak,
At inibig niyang ang sandaigdigan ay makipagkasundo sa kanya
sa pamamagitan ng Anak.
Sa pamamagitan ng pagkamatay nito sa krus,
Nagkasundo nga ang Diyos at ang lahat ng nilikha
Sa langit at sa lupa.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Mula sa kanya, sa pamamagitan niya, at sa kanya, ang lahat ay umiiral; papuri sa kanya magpakailanman, aleluya.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*Hebreo 7:24-27*

Si Hesus ay buhay magpakailanman at hindi siya mahahalinhan sa kanyang pagkasaserdote. Dahil nga riyan, lubusan niyang maililigtas ang lahat ng lumalapit sa Diyos sa pamamagitan niya, sapagkat siya'y nabubuhay magpakailan man upang mamagitan para sa kanila.

Si Hesus, kung gayon ang Dakilang Saserdoteng makatutugon sa ating pangangailangan. Siya'y Banal, walang kapintasan o kasalanan, nahihiwalay sa mga kasalanan at mataas pa kaysa sangkalangitan. Hindi siya katulad ng ibang mga dakilang saserdote na kailangang maghandog ng mga hain araw-araw, una'y para sa sarili nilang kasalanan, at pagkatapos, para sa kasalanan ng tao. Minsang naghandog si Hesus — at iya'y pangmagpakailanman — nang ihandog niya ang kanyang sarili.

*Tugunan*

Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

— Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

Nang ang Panginoong muling nabuhay ay kanilang nakita,

— aleluya, aleluya.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Ang mga alagad ay nagalak, aleluya, aleluya.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Pararangalan ako ng Espiritu sapagkat sa akin magmumula ang ipapahayag niya sa inyo, aleluya.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Pararangalan ako ng Espiritu sapagkat sa akin magmumula ang ipapahayag niya sa inyo, aleluya.

Sa kanyang Anak na muling nabuhay mula sa kamatayan, binuksan sa atin ng Diyos ang daan sa walang hanggang buhay. Manawagan tayo sa Ama:

— Sa pamamagitan ng tagumpay ni Kristo, iligtas mo kami.

Diyos ng aming mga ninuno, binuhay mo ang iyong Anak mula sa kamatayan at dinamitan siya ng kaluwalhatian; antigin ang aming puso sa pagsisising tunay,
lagi nawa kaming tumahak sa landas ng bagong buhay.

— Sa pamamagitan ng tagumpay ni Kristo, iligtas mo kami.

Sa Pastol at Tagapangalaga ng aming kaluluwa, karni'y pabalik mong inakay,
panatilihin mo kaming matapat sa ilalim ng paggabay ng aming mga pastol sa Simbahan.

— Sa pamamagitan ng tagumpay ni Kristo, iligtas mo kami.

Ang mga unang-ani ng mga alagad ni Kristo mula sa pamayanan ng mga Hudyo ay iyong hinirang,
ipahayag sa mga anak ng Israel ang kaganapan ng pangakong ginawa sa kanilang mga unang magulang.

— Sa pamamagitan ng tagumpay ni Kristo, iligtas mo kami.

Alalahanin ang mga ulila at balo, at mga namamanglaw,
at ang mga nagbalik-loob sa iyo sa pamamagitan ng kamatayan ng iyong Anak ay huwag pabayaan.

— Sa pamamagitan ng tagumpay ni Kristo, iligtas mo kami.

Tinawag mo si San Esteban sa iyong harapan noong naging saksi siya kay Kristo, na nakaluklok sa iyong kanang kamay,
tanggapin ang aming mga yumaong kapatid na sa pananampalataya at pagmamahal ay umasang makikita ang iyong kaluwalhatian.

— Sa pamamagitan ng tagumpay ni Kristo, iligtas mo kami.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo

Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Amang makapangyarihan,
sa aming pagdiriwang sa pagkabuhay
ng iyong Anak na minamahal,
kami nawa'y makigalak din sa lahat ng mga banal
hanggang sa muli niyang pagbabalik
na puspos ng kaluwalhatian
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

Liturgy of the Hours

EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA

*www.ebreviary.com*